REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

**OFFICE OF THE SECRETARY**

Pebrero 6, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 30, s. 1997

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG KRITIKA AT FILIPINO SA IBA'T IBANG DISIPLINA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampamahalaan at Pribadong Paaralan
Tagapamanihala/Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal

1. Ang Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining ng Pamantasang De La Salle, sa taguyod ng Komisyon ng Wikang Filipino, ay magdaraos ng pambansang seminar sa mapanuring pagtuturo ng Kritika at Filipino sa iba't ibang disiplina sa Tanghalang William Shaw, Pamantasang De La Salle, Taft Avenue, Maynila sa Mayo 19-23.

2. Ang pangkalahatang paksa ng seminar-worksyap na ito ay "Ang Guro sa Pagtuturo ng Kritika at Filipino sa Iba't Ibang Disiplina".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap na ito, ang mga dadalong kinatawan ay inaasahang magtatamo ng:

a. mayamang kaalaman sa kritikang pampanitikan;
b. higit na kaalaman sa mga dulog sa pagtuturo ng Filipino sa iba't ibang disiplina; at
c. karagdagang kasanayan sa pakitang-turo sa mga araling pangwika at pampanitikan at paggamit ng Filipino sa iba't ibang disiplina.

4. Inaanyayahang dumalo sa seminar na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapang sentral ng DECS, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid/tagapag-ugnay sa Filipino, sekundarya, kolehiyo o unibersidad na pampubliko at pampribado, gayundin ang mga nagtuturo ng syensya at teknolohiya, humanidades at agham panlipunan, at mga kinatawan ng iba't ibang sangay ng pamahalaan. Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain.

5. Bagaman ang programang ito ay isang programang "non-degree", ang mga kalahok na makapapasa sa pangangailangan sa pagpapatala sa Pamantasang De La Salle ay maaaring magtamo ng kredit sa sumusunod na kurso sa antas masteral o doktoral. Daraan sila sa pagsusulit na pasalita at pasulat, at magsasabmit ng isang kritikal na papel kaugnay ng kurso. May tatlong yunit ang kursong ito: XFMLANG/XFDLANG Seminar sa Wika.

6. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa pagtutuos at pag-aawdit o sariling gastos ng kinatawan ang halagang isang libo at walong daang piso (₱1,800.00) na gugugulin sa seminar kit, handout, sertipiko, limang tanghalian, mga miryenda (umaga at hapon), at iba pang gastos para sa seminar. Ang mga lalahok na gustong magkaroon ng tatlong yunit na kredit sa MA (Master of Arts)/DA (Doctor of Arts) - Filipino ay magdaragdag ng karaniwang bayad para sa matrikula at iba pang bayaring itinatakda ng Registrar ng DLSU at magkaklase pa rin ng dalawang araw pagkatapos ng seminar.

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RICARDO T. GLORIA
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, COLLEGIATE
Course of Study, SECONDARY
SEMINARS
TEACHERS

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG KRITIKA AT FILIPINO SA IBA'T IBANG LARANGAN SA TAGUYOD NG DEPARTAMENTO NG FILIPINO NG KOLEHIYO NG MALALAYANG SINING NG PAMANTASANG DE LA SALLE AT NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Tanghalang William Shaw , Mayo 19-23, 1997

**Palatuntunan ng mga Gawain**

UNANG ARAW, LUNES, MAYO 19

| | |
|---|---|
| 7:00 - 9:00 | Pagpapatala |
| 9:00 - 9:30 | Meryenda |
| 9:30 | Pambungad na Palatuntunan |
| Imbokasyon | Mr. Lakangiting C. Garcia<br>Direktor, Student Publications Office, SPS |
| Pambansang Awit | Ms. Raniela E. Barbaza |
| Bating Pagtanggap | Dr. Estrellita Z.V. Gruenberg<br>Dekana, Kolehiyo ng Malalayang Sining |
| Pagpapakilala sa Panauhing Tagapagsalita | Dr. Magdalena C. Sayas<br>Tagapangulo, Departamento ng Filipino |
| Talumpati | Bro. Andrew Gonzalez, FSC<br>Pangulo, Pamantasang De La Salle |
| Pagpapakilala sa mga Delegado | Dr. Teresita F. Fortunato<br>Ko-Direktor, Pambansang Seminar 1997 |
| Oryentasyon | Dr. Ma. Stella S. Valdez<br>Direktor, Pambansang Seminar 1997 |
| 12:00 - 1:00 | Tanghalian |
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon I at II) |
| 1:15 - 2:15 | Lektyur: Teoryang Pampanitikan<br>* Dr. Isagani R. Cruz<br>Pablisher, DLSU Press, Inc. |
| 2:15 - 2:45 | Talakayan |
| 2:45 - 3:15 | Meryenda |
| 3:15 - 4:15 | Lektyur: Teoryang Pampanitikan<br>* Dr. Rosario Lucero |

| | |
|---|---|
| 4:15 - 4:45 | Talakayan |

<u>IKALAWANG ARAW, MARTES, MAYO</u> 20

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon III at IV) |
| 8:15 - 9:15 | Lektyur: Teoryang Pampanitikan<br>* Prop. Rosario Torres Yu |
| 9:15 - 9:45 | Talakayan |
| 9:45 - 10:15 | Meryenda |
| 10:15 - 11:15 | Lektyur: Teoryang Pampanitikan |
| 11:15 - 11:45 | Talakayan |
| 11:45 - 12:00 | Paglalagom |
| 12:00 - 1:00 | Tanghalian |
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon V at NCR) |
| 1:15 - 2:15 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Iba't Ibang Disiplina (Introduksyon)<br>* Dr. Teresita F. Fortunato<br>Koordineytor, MALL/DALL Filipino |
| 2:15 - 2:45 | Talakayan |
| 2:45 - 3:15 | Pakitang-turo 1 |
| 3:15 - 5:00 | Workshap 1 |

<u>IKATLONG ARAW, MIYERKULES, MAYO</u> 21

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Sosyalisasyon |
| 8:15 - 9:15 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Agham |
| 9:15 - 9:45 | Talakayan |
| 9:45 - 10:15 | Meryenda |
| 10:15 - 11:15 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Teknolohiya<br>* Dr. Magdalena C. Sayas |
| 11:15 - 11:45 | Talakayan |
| 11:45 - 12:00 | Paglalagom |
| 12:00 - 1:00 | Tanghalian |

| | |
|---|---|
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon VI at VII) |
| 1:15 - 2:15 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Araling Pangkompyuter<br>* Dr. Isagani R. Cruz |
| 2:15 - 2:45 | Talakayan |
| 2:45 - 3:15 | Meryenda |
| 3:15 - 3:45 | Pakitang-Turo 2 |
| 3:45 - 5:00 | Workshap 2 |

IKAAPAT NA ARAW, HUWEBES, MAYO 22

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon VIII at IX) |
| 8:15 - 9:15 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Matematika |
| 9:15 - 9:45 | Talakayan |
| 9:45 - 10:15 | Meryenda |
| 10:15 - 12:00 | Lektyur: Paggamit ng Filipino sa Humanidades<br>* Dr. Simplicio P. Bisa |
| 12:00 - 1:00 | Tanghalian |
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon X at XI) |
| 1:15 - 2:15 | Pakitang-Turo 3 at 4 |
| 2:15 - 2:45 | Pakitang-Turo 5 |
| 2:45 - 3:15 | Meryenda |
| 3:15 - 5:00 | Workshap |

IKALIMANG ARAW, BIYERNES, MAYO 23

| | |
|---|---|
| 8:00 - 8:15 | Sosyalisasyon (Rehiyon XII at XIII) |
| 8:15 - 8:35 | Pakitang-turo 1 |
| 8:40 - 9:00 | Pakitang-turo 2 |
| 9:05 - 9:25 | Pakitang-turo 3 |
| 9:30 - 9:50 | Pakitang-turo 4 |
| 9:50 - 10:20 | Meryenda |

| | |
|---|---|
| 10:20 - 11:20 | Film Showing |
| 11:20 - 12:00 | Paglalagom |
| 12:00 - 1:00 | Tanghalian |
| 1:00 - 1:15 | Sosyalisasyon (CAR at ARMM) |
| 1:15 - 1:40 | Pagpili ng Pinakamahusay na Rehiyon |
| 1:40 - 2:00 | Ebalwasyon |
| 2:00 - 4:00 | Pangwakas na Palatuntunan<br>Paggawad ng mga Sertipiko at mga Premyo |